Sina Al-Ḥasan at Al-Ḥusayn ay dalawang pinapanginoon ng mga kabataan ng mga maninirahan sa Paraiso."}

Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Sina Al-Ḥasan at Al-Ḥusayn ay dalawang pinapanginoon ng mga kabataan ng mga maninirahan sa Paraiso."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy at Imām Aḥmad]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang dalawang apo niya na sina Al-Ḥasan at Al-Ḥusayn na dalawang anak nina `Alīy bin Abī Ṭālib at Fāṭimah na anak ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan at malugod Siya sa kanila) ay dalawang pinapanginoon ng bawat sinumang namatay habang siya ay kabataan at papasok sa Paraiso dahil sa kainaman, o na silang dalawa ay dalawang pinapanginoon ng mga kabataan ng mga maninirahan sa Paraiso, matangi ang mga Propeta at ang mga Matinong Khalīfah.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/11169